Original Article

# Isang Kumbersasyong Analisis sa Turn-Taking ng Tatlong Henerasyon ng Kababaihan sa Isang Panayam

CJ Ann Bala [1,4], Maricel Esoy [1,4], Rohannie Mamongcal [2,4], Cherry Mae Villastique [3,4], Alican Pandapatan [4,*]

Received: 12 May 2026; Revised: 21 June 2026;
Accepted: 23 June 2026; Published: 25 June 2026

DOI: https://doi.org/10.66074/Z5Q1V9F2

**Abstrak**

Nilayon ng pananaliksik na ito na analisahin ang kumbersasyon ng kababaihan na mula sa tatlong magkakaibang henerasyon. Ginamit sa pananaliksik ang Conversational Analysis (CA) na nakaangkla sa mga prinsipyo nina Harvey Sacks, Emanuel Schegloff, at Gail Jefferson (1974) upang masuri ang mga linggwistik na pahiwatig at dinamika ng interaksyon sa isang panayam. Natuklasan sa pag-aaral na ang paggamit ng backchannels at fillers ay nagsisilbing mahalagang estratehiya upang mapanatili ang daloy ng usapan nang hindi inaagaw ang turno ng nagsasalita. Lumitaw din na ang overlap ay kadalasang kolaboratibo at ginagamit sa pagbuo ng kahulugan, pagpapakita ng pagsang-ayon, at aktibong pakikinig, samantalang ang interruption ay may dalawang anyo: bilang pagsuporta at bilang pag-agaw ng turno upang baguhin ang direksyon ng diskurso. Lumitaw rin sa pag-aaral na ang edad ay may impluwensiya sa turn-taking ng mga kalahok. Gayunpaman, napanatili pa rin na magaan ang usapan at kolaboratibo ang interaksyon ng mga kalahok, hindi itinuring na negatibo ang overlap at interruption, ngunit ito ay pagpapahayag ng pag-unawa, at pagrespeto sa pagpapahayag ng bawat isa. Sa kabuuan, ipinakita ng pag-aaral na ang overlap at interruption ay bahagi ng kolaboratibong paggawa ng kahlugan at pagpapanatili ng interaksyon.

*Susing Salita*: henerasyon, interruption, kababaihan, overlap, turn-taking

[1] Mindanao Mission Academy of Seventh-Day Adventist, Inc., Manticao, Philippines
[2] Saphiyyah Integrated School Foundation, Inc., Marawi, Philippines
[3] Adventist Medical Center College, Iligan, Philippines
[4] Mindanao State University-Main Campus, Marawi, Philippines
* alican.pandapatan@msumain.edu.ph

Volume 2, Issue 2, June 2026

**Abstract (English)**

This research aimed to analyze the conversation of women belonging to three different generations. The research employed Conversation Analysis (CA), anchored in the principles of Harvey Sacks, Emanuel Schegloff, and Gail Jefferson (1974), to examine the linguistic cues and interactional dynamics found in an interview. The findings revealed that the use of backchannels and fillers served as important strategies in maintaining the flow of conversation without taking over the speaker's turn. The study also found that overlaps were often collaborative in nature and were used in constructing meaning, expressing agreement, and demonstrating active listening. Meanwhile, interruptions appeared in two forms: as supportive responses and as attempts to take over the floor in order to redirect the discourse. The findings further showed that age influenced turn-taking behavior in conversation. Nevertheless, the interaction among participants remained light and collaborative, as overlaps and interruptions were not treated negatively but were instead interpreted as expressions of understanding and respect toward one another's ideas. Overall, the study demonstrates that overlap and interruption function as part of the collaborative construction of meaning and the maintenance of interaction.

## 1. Introduksyon

Wika ang gamit sa pakikipagkomunikasyon ng tao, na siyang gamit sa pakikipagsalumuha. Bahagi ng pang-araw-araw na pakikisalamuha sa kapwa ang pakikipag-usap, maging ito'y palitan ng ideya, pagtatanong, pagsagap ng impormasyon, tsismis at iba pa. Sa pakikagkumbersasyon, naipapalabas ng bawat isa ang kanilang pananaw o opinyon sa mga bagay-bagay. Ang pakikipag-usap ay hindi lamang nag-iisa, kundi may nagsasalita at tagapakinig na kapalitan ng ideya. Ayon sa Cambridge Dictionary (2026), ang kumbersasyon ay nangangahulugan na usapan sa pagitan ng dalawa o higit pang tao kung saan ipinapahayag ang mga kaisipan, damdamin, at ideya, nagtatanong at sumasagot, o nagpapalitan ng balita at impormasyon. Ibig sabihin may kausap, may kapalitan ng opinyon, may kabatuhan ng mga salita. Kasabay din nito ang pagsasaalang-alang kung sino ang kausap, gaano ba kayo kalapit ng kausap o saan nangyayari ang pag-uusap. Sa ganitong paraan ay hindi maiiba ang konteksto na nais ipahayag sa pag-uusap. Kasali rin sa binibigyang pansin ang edad o kasarian ng kinakausap bilang mayroon dit itong kaibahan.

Bilang mga Pilipino, isa sa mga pinapahalagahan ay ang pagiging magalang, at ipinapakita ito sa iba't ibang paraan, isa na rito ang tamang pagpili ng salitang gagamitin sa pakikipagtalastasan o interaksyon, lalo kapag nakikipag-usap sa mas nakakatanda. May pag-iingat sa gagamiting salita, paano ito sinasabi, at kahit kung kailan ka dapat magsasalita at mananahimik upang makapagbigay ng panahon na makapagsalita ang kausap. Sa ganitong paraan, naipapakita kung ang isang pahayag

ay may paggalang o maaaring ituring na hindi kanais-nais depende sa pananaw ng kausap. Gayunpaman, ang pakikipag-usap at pagtanggap sa sinabi ng kausap ay maaaring may impluwensiya ng, edad o henerasyon, at maging kasarian man. Bilang may pagkakaiba ang bawat isa, maaaring marespeto ang pagpapahayag mo, ngunit kabastosan pala ang dating nito sa mas nakakatandang henerasyon. Kahit ang tuloy-tuloy na pagsasalita o hindi pagbibigay ng pagkakataon sa iba magbigay ng kanilang opinyon, ay maaaring tingnan bilang pagiging aktibo sa usapan, ngunit maaaring ituring na paglabag sa turn-taking at kawalan ng respeto sa iba. Kaya mahalaga na sinusuri ang pagkakaiba nito.

Sa larangan ng linggwistika, ang Conversation Analysis ay isang mahalagang lapit sa pagsusuri ng aktwal na paggamit ng wika sa interaksyon. Sa bawat interaksyon, mahalaga na maayos ang pagpapalitan ng pagsasalita o turn-taking, na isa sa mga tinatalakay ng Conversational Analysis, na nagsisilbing gabay upang maging organisado at malinaw ang daloy ng usapan. Ang turn-taking ay tumutukoy sa proseso kung paano nagdedesisyon ang mga tao sa isang pag-uusap kung sino ang susunod na magsasalita (Ghilzai & Baloch, 2016). Nangyayari ang turn taking habang may kumbersasyon o pakikipagpalitan ng interaksyon sa isa't isa. Habang nagkakaroon ng turn-taking ang mga nag-uusap, maaaring magkaroon ng overlapping at interruption. Ito ay nangyayari habang ang isa ay nagsasalita. Ayon ka Schegloff (2001), ang interruption ay karaniwang tumutukoy sa pagsisimula ng pakikialam ng isang tao habang ang ginagawa ng iba ay nagpapatuloy pa. Habang ang overlap ay tumutukoy sa simpleng pangyayari na higit sa isang tao ang nagsasalita nang sabay. Ito ay nagpapakita lamang ng pagkakaiba-iba ng ideya at opinyon ng bawat isa. Dahil dito, mahalagang masuri ang mga ito upang higit na maunawaan ang dinamika ng komunikasyon.

Bagama't may pag-aaral tungkol sa turn-taking ng kababaihan, kagaya ng ng pag-aaral nina Saeed Kiani et al.(2024) at kina Ghilzai & Baloch (2016), nananatiling limitado ang pananaliksik tungkol sa interaksyon ng tatlo o higit pang henerasyon ng magkaparehong kasarian sa iisang pagkakataon. Lalo na sa konteksto ng Pilipino kung saan pinapahalagahan ang paggalang sa mas nakakatanda. Ito ay isang makabuluhang puwang dahil walang pag-aaral na tumitingin kung paano nag overlap o nagkakaroon ng interruption dahil sa agwat ng edad sa iisang usapan; at mga pag-aaral tungkol sa industriya ng pag-arte sa Pilipinas na may sariling herarkiya, isang impluwensiyang propesyunal na maaaring sumasalungat sa kultural na paggalang.Bilang Pilipino, bahagi ng kultura ang paggalang sa mas nakakatanda, ito ay pagsasaad ng paggalang na naipapakita sa pagsasabi tulad ng po at opo. Noong 2026, maging sa mga korporatibong kapaligirang dominado ng wikang Ingles o sa mga panggrupong usapan, madalas pa ring isingit ng mga nakababatang Pilipino ang salitang "po" upang mapanatili ang paggalang at angkop na pakikitungo sa kanilang mga nakatatandang kasamahan sa trabaho (How Philippines, 2026). Dagdag pa rito ay ang pagbibigay ng pamumuno ng usapan sa kung suno ang mas nakakatanda, isang aspetong hindi pa nasusuri ng mga pag-aaral tungkol sa turn-taking

Sa ganitong paraan, ang pag-aaral na ito ay hindi lamang nagdaragdag ng datos kundi nag-aalok ng bagong pananaw,ang intergenerational Conversation Analysis sa pagsusuri ng turn-taking. Sinubukan tingnan kung ang modelo ng turn-taking nina Sacks, Schegloff, at Jefferson (1974) ay gagana sa sitwasyong sabayang pag-uusap ng magkakaibang henerasyon sa kulturang Pilipino. Bilang kabilang sa mga naunang pag-aaral sa conversation analysis ay nakatuon lamang sa dalawang magkausap o nasa iisang henerasyon. Sa pag-aaral na ito, nagdagdaag ng ikatlong henerasyon upang maipakita na ang turn-taking ay hindi lamang tungkol sa kasarian, Kundi apektado rin ng dinamika sa pagitan ng magkakaibang henerasyon.

Dahil dito, layunin ng pag-aaral na analisahin ang kumbersasyon ng kababaihan sa tatlong henerasyon, gamit ang sumusunod na mga suliranin ng pag-aaral na:

1. Ano-ano ang mga linggwistik na pahiwatig sa turn-taking ng kababaihan sa panayam?
2. Ano-ano ang nagiging dinamiko sa puntong nagkakaroon ng overlap at interruption sa turn-taking?
3. Paano naaapektuhan ang turn-taking batay sa edad na makikita sa panayam?

## 2. Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang pakikipagkumbersasyon o pakikipag-usap ay paraan nang pakikipagpalitan ng mensahe ng mga kalahok sa pamamagitan ng paggamit ng wika. Isa sa mahagalang sangkap sa maayos na pag-uusap ay ang turn-taking, isang sistematikong pagpapalitan ng pagkakatoang magsalita sa pagitan ng mga kalahok. Ayon sa pag-aaral nina Sacks, Schegloff, at Jefferson (1974), ang turn-taking ay isang "simplest systematics" na nag-oorganisa kung sino ang magsasalita, kailan, at gaano katagal sa isang natural na pag-uusap. Ang pag-aaral na ito ay napakahalaga hindi lamang sa pag-aaral na ito, kundi sa kabuuan ng istruktura ng wika, kung paano nabubuo ang interaksyon ng bawat isa.

May iba't ibang pag-aaral din na tumatalakay sa turn-taking ng kababaihan, lumilitaw na ang mga babae ay may natatanging pattern sa pagpapalitan ng turn. Sa pag-aaral nina Saeed Kiani, Shahnaz, at Ghilzai (2024) na pinamagatang Organization of Female Turn Taking Pattern in Urdu Conversations, sinuri ang turn-taking ng mga babaeng Urdu speaker. Napag-alaman sa kanilang pag-aaral na ang mga kalakhok ay may parehong pattern na inilarawan nina Sacks et al. (1974). Bagama't may overlap at paghinto (pause) sa usapan, napapanatili nito ang pattern ng turn-taking. Sa parehong direksyon ay ang pag-aaral nina Ghilzai at Baloch (2016) na may pamagat na, Conversational Analysis of Turn Taking Behavior and Gender Differences in Multimodal Conversation, na tumatalakay sa paghahambing ng gawi sa turn-taking batay sa kasarian, ayon sa magkakaibang multimodal conversation (radyo, telebisyon, at kaswal na usapan). Napag-alaman na mas maraming turn ang kababaihan kaysa sa kalalakihan, na ipinaliwanag sa pamamagitan ng interpersonal sensitivity, mas mataas na kamalayan sa daloy ng usapan ang kababaihan, hindi kawalan ng assertiveness. Magkatulad man ang dalawang pag-aaral na ito na nakatuon sa kababaihan, ngunit

pareho limitado naman ito dahil sinusuri ang interaksyon sa pagitan ng magkakaibang henerasyon.

Bukod sa kasarian, pinag-aralan din ng mga mananaliksik kung paano nagagamit ang overlap at interruption sa mga pagkakataon bilang bahagi ng natural na daloy ng usapan. Sa kwalitatbong pag-aaral ni Oliveros at Fajardo (2024) na may pamagat na Conversation Analysis of Turn-Taking Features in Drag Race Philippines Season 1: Untucked! Natuklasan sa kanilang pag-aaral na ang pitong turn-taking features, kasali ang interruption at overlap, ay naroon sa mga pag-uusap sa Grad Race Philippines. Napatunayan ng kanilang ng pag-aaral ang pitong feautures ay magkakaugnay at ang gamit nito ay nakapende sa konteksto ng usapan. Ang kanilang pag-aaral ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa kung paano gumagana ang natural na usapan sa maituturing na di-pangkaraniwan setting, reality TV show. Malapit ang pag-aaral na ito sa kasalukuyang pag-aaral dahil parehong kwalitatibo pag-aaral, at gumagamit ng Conversational Analysis sa paraan ng pagsusuri. Pareho rin itong tumatalakay sa turn-taking, overlap at interruption. Ang pag-aaral na ito kasama ang dalawang naunang pag-aaral ay nagpapakita na ang turn-taking ay dinamiko at kontekstwal, sa kabila nito wala pa rin ang nag-aaral sa kung papaano nagkakaiba ang pattern batay sa edad o henerasyon sa iisang pag-uusap.

Bilang paglalagom ng mga kaugnay na pananaliksik na ito, ay mahalaga na karagdagdang pag-aaral bilang naipapakita nito ang paraan ng pakikipag-usap ng mga kababaihan sa iba't ibang henerasyon. Ang mga naunang pag-aaral ay nagbibigay ng mahahalagang panimula sa turn-taking ng kababaihan at sa pag-unawa sa overlap/interruption sa iba't ibang konteksto. Gayunpaman, wala sa mga ito ang sumusuri sa talo o higti pang henerasyon sa iisang usapan; wala rin sa mga ito ang nag-aaral sa kultural na konteksto ng Pilipinas kung saan ang paggalang ay maaaring makapagpabago ng pattern ng turn-taking; wala rin sa mga nabanggit na pag-aaral ang nagsasaalang-alang ng propesyunal na industriya, bilang salik na maaaring makipag-ugnayan sa edad. Sinubukan mapunan ng kasalukuyang pag-aaral ang mga puwang na ito, bilang ito ay tumatalakay sa interaksyon ng tatlong henerason ng kababaihan.

## 3. Metodo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibo at deskriptibong disenyo, na may layuning siyasatin ang mga pahiwatig sa turn-taking ng kababaihan, sa magkaibang henerasyon, sa isang panayam. Isinagawa ang pagsusuri gamit ang Conversational Analysis (CA) na nakaangkla sa prinsipyo nina a Harvey Sacks, Emanuel Schegloff, at Gail Jefferson (1974) na nagsasaad na ang usapan ay may sistematikong organisayon. Sa pamamagitan ng disenyong ito, mauunawaan ang kaibahan ng pahiwatig ng komunikasyon sa tatlong magkaibang henerasyon ng kababaihan.

Sa pagpili ng datos, nagmula ito sa mahigit isang oras at kalahating minuto na round table na pag-uusap ng tatlong artista na galing sa magkaibang henerasyon, na nakuha sa YouTube. Ito ay pinili ayon sa sumusunod na pamantayan. Una, kailangan nagtatampok ng tatlo o higit pang henerasyon ng kababaihan upang masuri kung may

impluwensiya ba ang edad sa pagkakaroon ng turn-taking. Ikalawa, ito ay nagpapakita ng tuloy-tuloy na usapan at interaksyon sa mga kalahok, sa ganoon ay masuri ang natural na daloy ng usapan, kabilang na ang interruption at overlapping. Ikatlo, kailangan pampubliko at madali itong maakses ng lahat, upang matiyak ang etikal na paggamit ng datos. Kailangan din na nasa wikang naiiintindihan ng mananaliksik sa gayon ay masisigurong magiging akma ang interpretasyon sa mga pahiwatig. Kasali rin sa konsiderasyon ang linaw ng audio ng video upang mas mabilis itong ma-transcribe, at may sapat din na palitan ng usapan ang mga kasama sa napiling panayam.

Sa pangangalap ng datos, napili ang isang panayam na may pamagat na KANTO: Three Generations of Actresses Feat. Barbie Forteza, Cherry Pie Picache, & Jodi Sta. Maria. Ito ay pinili alinsunod sa itinakdang pamantayan ng pag-aaral. Ang napiling panayam at pinanood at inakses sa platapormang YouTube, na may kabuuang haba na isang oras at tatlumpu't tatlong minuto ng panayam. Mula oras na 1:30 hanggang 1:30:23 lamang ang tinascribe na bahagi, sapagkat ito lamang ang bahagi ng kabuuang usapan ng mga kalahok. Kung saan nagkakaroon na ng palitan ng ideya at pagkakataon ng overlap at interruption. Pinanood ng paulit-ulit ang panayam upang lubos ang pagkaunawa ng daloy ng usapan, gayundin ang konteksto ng pag-uusap. Ito rin ay ginawan ng transkripsyon gamit ang aplikasyon na TurboScribe. Pagkatapos ay sinuring muli ang transkripsyon sa pamamagitan ng muling pakikinig sa video, upang matiyak na akma at tumpak ang transkripsyon ng bawat pahayag. Ang transkripsyon ay ginawa ng direkta at malinaw gamit ang mga karaniwang kombensiyon. Hindi ginamit ang detalyadong prosodic marking dahil hindi ito ang kailangan sa layunin ng pag-aaral. Pampubliko man ang video na pinagkuhanan ng datos, iniwasan ng mga mananaliksik ang paggamit ng buong pangalan ng mga kalahok sa transkripsyon, at hindi tinalakay ang anumang personal na impormasyon na wala sa konteksto ng panayam.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng Conversational Analysis sa pagsuri ng datos. Ang Conversational Analysis (CA) ay isang sosyolohikal na pagdulog na sumusuri sa estruktura at pattern na nakapaloob sa pang-araw-araw na interaksyon sa pagsasalita. Nabuo ito noong 1960 ng sosyologong si Harvey Sacks. (Goar, 2021). Binigyang pokus sa pag-aaral ang turn-taking na naganap sa kababaihang galing sa magkaibang henerasyon. Sinuri rin ang interruption at overlapping sa nagaganap sa kumbersasyon ayon sa depinisyon nina Schegloff (2001), habang ang kina Wang et al. (2025) para sa backchannel at filler.

Ang saklaw ng pag-aaral na ito ay limitado lamang sa panayam nina Barbie Forteza, Cherry Pie Picache, & Jodi Sta. Maria. Sa pagsusuri ng turn-taking, nakalimita lamang ito sa overlapping at interruption na nangyari sa pagitan ng mga nag-uusap sa video. Hindi na isinali kung paano ang naging reaksyon at paano tinanggap ng live audience ang mga naging pag-uusap ng nasa video.

Sa kabila ng iisang panayam na pinagmulan ng datos, sapat ito para sa pag-aaral dahil layunin ng pag-aaral ay ang lalim ng analisis (depth) at hindi ang lawak ng representasyon. Ayon sa tradisyon ng Conversation Analysis na itinatag ni Sacks, ang organisasyon ng turn-taking ay maaaring masuri sa pamamagitan ng detalyadong

pagsusuri ng aktuwal na interaksyon, sapagkat ang mga turno sa pag-uusap ay nagpapakita ng sistematikong pagkakasunod-sunod at koordinasyon. Gayundin, ang tatlong kalahok sa panayam ay kumakatawan sa magkaibang henerasyon at magkaibang antas ng karanasan. Kaya sapat ito para sa unang pagsusuri sa intergenerational turn-taking, dito sa Pilipinas.

## 4. Resulta

Sa bahaging ito, tinalakay ang mga ipinahayag na suliranin sa pag-aaral. Batay sa pagkakasunod-sunod ng suliranin, ang presentasyon ng datos.

### *4.1 Linggwistik na Pahiwatig sa Turn-taking*

Mula sa mahigit isang oras sinuring bahagi ng transkripsyon, natukoy ang sumusunod na dalas ng sumununod: backchannel may bilang sa higit na 60, fillers na 28, collaborative overlap na 30, at competitive interruption na may bilang 12. Ang bilang na ito ay nagpapakita ng patern ng interaksyon at nagsisilbing suporta sa analis ng pag-aaral.

Sa pagususuri nang transkripsyon ng panayam, natukoy na gumagamit ang mga kalahok ay gumagamit ng mga backchannels at fillers bilang mga lingggwistik na pahiwatig sa turn-taking, upang mapasa ang turn sa usapan. Ang mga ito ay nagsisilbing senyales ng aktibong pakikilahok sa usapan nang hindi inaagaw ang turn ng nagsasalita.

**Talahanayan 1.** Backchannel/filler.

| | |
|---|---|
| Backchannel | B: I think po kasi ano (.) parang ang hirap nung first project ko<br>J: ahh<br>B: kasi hindi ko pa alam yung ginagawa ko<br>C: oo<br>B: tapos parang natututo lang ako along the way<br>J: mm-hmm |
| Backchannel na May Overlap | interrupt C: D'yan papasok yung longevity ng isang actor.[overlap J: Uhmm] your, your ethics, your work attitude, your talent<br><br>B: And then, ahmm, eto pong recent is the Maria Clara at Ibarra. [overlap C: uhm] overlap J: ohh] Yun naman po yung parang nagbalik ng period drama sa TV po. |

| | |
|---|---|
| Filler | C: I've worked sila. Direk Joey Lamangan. a::hmm. Mel Chonglo. There.. Yung ganoon. Ahm, ah-, I miss the-, I miss the whole discipline.<br><br>B: First is, ahh, yun nga po, yung Stairway to Heaven, na, ahmm, Nag-audition lang ako do'n, nang walang, agent lang po ako noon.<br><br>C: Well, sa inyo, madali sa amin, mahirap |

Sa talahanayan makikita ang paggamit ng backchannel na ahh, oo, at mm-hmm, paggamit ng backchnnel na may overlap, at filler na hmm, ahm, at well. Makikita na ito ay ginagamit ng tatlong kalahok.

*4.2 Overlap at Interruption*

Natukoy sa pagsusuri ang pagkakaroon ng overlap at interruption sa pakikipag-ugnayan ng mga kalahok sa isa't isa. Lumilitaw sa datos na mayroon overlap at interruption habang nagkakaroon ng pagpapalitan ng ideya ang mga kalahok. Mula sa naging pagsusuri ng transkripsyon, nakabuo ng dalawang tema na (1) Kolaboratibong Pagbuo ng Kahulugan at (2) Competitive Interruption at Pagkontrol sa Direksyon ng Usapan.

Madalas na lumilitaw sa datos ang overlap sa pagitan ng mga kalahok. Nagaganap ang overlap na ito habang nagpapaptuloy ang pagsasalita ng pangunahing tagapagsalita.

J:...And naniniwala ko, napaka-powerful din ang platform na meron tayo.
And.. [overlap C: The]
C:  position that we are in.
J: Yes, oo
C: As actors.

Sa halimbawa, nagsasalita nang sabay sina J at C habang ipinagpapatuloy ang usapan. Lumilitaw ang overlap sa bahagi ng pahayag ni J at sinundan ito ng pagpapatuloy ng usapan ng parehong kalahok. Dagdag pang halimbawa nito ay ang sumusunod:

C: Oo, VTR naman yun. Pupunta ka. [overlap J: Yung mga nakitape.] Yes yung nakaside. Turn to your right. [overlap J: Oo] Puro VTR noon. Tapos yun na. Tapos ano na, ahh. One thing led to another. Tapos makikita ka. Ay, sino yun? So tatawagan ka. Ganyan...

Sa siping ito, nagkaroon ng sabayang pagsasalita habang nagdaragdag ng impormasyon ang isa pang kalahok. Lumitaw ang overlap sa iba't ibang bahagi ng usapan habang nagpapatuloy ang pagpapalitan ng ideya.

### 4.2.1 Competitive Interruption at Pagkontrol sa Direksyon ng Usapan

Natukoy rin sa datos ang pagkakataon ng interruption sa pagitan ng mga kalahok.

> B: ...Hindi po tinuturo sa workshop.
> C: [interrupt] Ah, dapat parang dapat ituro din.
> B: [interrupt] Yes, the technicalities...
> (pagkatapos ng ilang palitan)
> C: [interrupt] O, tama. Pero yun nga yung napapansin ko, kasi diba, ahmm we get a lot of new celebrities and new actors every year. Siguro, kasi kami, old school eh. Diba? Old school kami, when we started. Parang we really had, you know, there wasn't any studio or network to really back us up...

Sa halimbawang ito habang nagsasalita ang ibang kalahok ay si C ay pumasok sa usapan.

> J: I mean, anyway, when I started naman kasi, nag-audition din ako katulad ni Barbie... (pagkatapos ng mahabang paliwanag ni Jodi)
> C: pero samin din nga, hindi yung, di yung naranasan mag-audition. Samin nun kasi, well ako nagstart di ba nadiscover ako sa... greenhills... sa GREENHILLS.

Batay sa datos, makikita ang paglitaw ng overlap at interruption sa magkainang bagagi ng panayam. Ayon sa naobserbahan, nnagyayari ito habang nagpapalitan ng opinion, karanasan at impormasyon ang bawat kalahok.

### *4.3 Epekto ng Edad sa Turn-Taking*

Natukoy sa pagsusuri ng interaksyon ng mga kalahok ang paglitaw sa ilang patern na may kaugnayan sa kinabibilangang henerasyon. Mula dito nabuo ang talong tema: (1) Dominance ng mas nakakatanda, 92) pakikilahok nng mas nakababatang kalahon, at (3) impormal na interaksyon.

### 4.3.1 Dominance ng Mas Nakatatanda

Makikita sa datos na ang pinakamatandang kalahok ay mas madalas magbukas ng paksa at magtanong.

C: Kailan ka nagsimula?
J: [interrupt J] Oo nga.
B: Ayun. Ano po, Nagsimula po ako 2009.
J: ohhh
C: [interrupt C] Sa isang network, studio?
B: [overlap B] Opo, ano po ako
C: [overlap C] Sino naka-discover sa'yo?

Sa halimbawang ito, sunod-sunod na tanong ang binigay ng C habang sumasagot si B. May pagkakataon rin na mas mahaba ang pahayag ng pinakamatandang kalahok kumpara sa ibang kalahok.

C: Nung panahon ko, hindi ganun talaga.. kasi noon, yun yun.. 90's, 80's... I love the 80's, anyways.. samin naman nun, nung panahon na yun, nade-discover ka. Well, depende kung may theater background ka, diba? Pero like ako, well yung parents ko kasi strict so hindi ako pinapayagan. Pero nine years old pa lang ako, nagti-theater play na ako sa St. Paul.

Sa halimbawang ito, nagpatuloy ang mahabang salaysay ng kalahok nang walang interruption mula sa iba.

### 4.3.2 Pakikilahok ng Mas Nakababatang Kalahok

Sa datos, mas madalas gamitin ng mga nakababatang kalahok ang mga ekspresyong tulad ng "opo," "yes," "oo," at iba pang maiikling tugon

B: Tama po. Tama po yan. Tama. Tama. Tama. Yes.

Gayundin rin ang paggamit ng overlap na bahagi ng kanilang pakikilahok sa usapan.

J & C: Yeees!
B: Three generations.

### 4.3.3 Impormal na intersaksyon

Magkakaiba man ang edad, lumilitaw pa rin sa datos ang pagkakataon ang biruan.

C: So there was this one film, I'm really proud, Macho Dancer. Macho Dancer, three sequences,Toronto Film Festival. Sabi nila, ah
J: [interrupt J] Hindi ikaw ang macho dancer?

C: Hin:di.
J: haha
B: [overlap B] si Ms. Jodi na po yun, HAHAHA
C: ANG MGA BATA NGAYON, MATATABIL NO?
J & B: [overlap J & B: HAHAHHA]

Gayundin ang paglitaw ng pagpapalitan ng pagbibiruan sa pagitan ng mga kalahok.

B: Parang Karamiya ba? HAHAHA [overlap C; may ganyan ka nang..]
C: Ano yung Karamiya?
B: Meron ba tayong reference para alam ni Mis Cherry Pie?
C: Hindi, i-google ko mamaya.
B: BASTA MAY, Basta may mukha po ko sa likod.
J: Ou(h)
C: Karamiya?
B: Karamiya po. Yun na nga po... It paid the bills.

## 5. Diskusyon

Sa bahaging ito, tinalakay ang diskusyon ng naging resulta ng pag-aaral.

### *5.1 Papel ng Backchannels at Fillers sa Turn-Taking*

Ayon kina Wang et al. (2025), ang mga elementong semantically "bleacheed" expressions, tulad ng oh, yeah, uh, uhm, ay maaaring maging mga filler o backchannel. Kapag ginamit ang mga ito bilang reaksiyon o tugon sa naunang pahayag, maituturing itong backchannels, samantalang nagiging fillers naman ito kapag ginagamit bilang palatandaan ng pagpoproseso o pag-iisip ng susunod na sasabihin ng tagapagsalita. Makikita sa talahanayan 1 ang ilang halimbawa ng paggamit ng backchannels at fillers sa na natukoy sa interaksyon ng mga kalahok.

Mapapansin sa talahanayan 1 na gumagamit ng backchannel, kagaya ng "ahh", "mm", "oo" bilang pansuporta sa nagsasalita at hindi para mang-agaw ng turn. Nagpapahiwatig ito ng pagpapakita ng pag-unawa sa impormasyon na nakukuha sa kausap. Nagsisilbi itong kumpirmasyon na ang atensyon ng kinakausap ay naroon pa rin, at aktibo itong nakikinig sa usapan. Dagdag pa rito, ipinapakita ng backchannel ang katangiang kolaboratibo sa isang usapan. Sa halip na maagaw ang turno, ginagamit ito ng tagapakinig upang hikayatin ang nagsasalita na ipagpatuloy ang kanyang pahayag. Bilang mga Pilipino, mahalaga ang ganitong uri ng pagtugon, dahil nagsisilbi itong pagpapakita ng pakikiisa, paggalang, at pagpapanatili ng maayos na interaksyon. Kaya, ang backchannel ay isang estratehiya sa pagpapanatili ng social harmony sa isang usapan.

Tumutulong din ang backchannels upang ang nakikinig ay nakakasunod sa pag-uusap o kumbersasyon. Nagsisilbi itong daan na sinusundan sa pagkakasunod-sunod (flow) ng pag-uusap. Binanggit ni Hutchby (2019), ang mga inaasahang tugon tulad ng pag-apruba ng karaniwang ibinibigay nang walang agaran at walang pasubali—naaangkop ito sa mga backchannel bilang pagpapakita ng pakikiisa o pakiki-ayon.

Kapansin-pansin din na ginagamit ang backchannels kahit may sabayang pagsasalita o overlap sa pagitan ng mga kalahok, anuman ang kanilang henerasyong kinabibilangan. Ito ay nagpapahayag nang intensyonal na pakikinig at pag-unawa sa sinasabi ng bawat isa sa loob ng usapan.

Ginagamit rin and “uhm”, “ahh”, “well” bilang mga fillers ng pag-uusap. Maaaring habang nag-iisip ang tagapagsalita ng susunod na sasabihin. Pagproseso ng sasabihin sa isip, habang hindi hinahayaan na mapunta sa iba ang turn ng pagsasalita. Ang paggamit ng mga fillers ay nagpapakita na ipinagpapatuloy ng nagsasalita ang nais niyang ipahayag, at hindi ibinibigay sa iba ang turn. Ito ay kaugnay ng konsepto ng turn-constructional units (TCUs) ni Hutchby (2019), kung saan sa loob ng isang TCU ay may karapatan ang nagsasalita na tapusin ang kanyang yunit bago lumipat ang turn. Sa ganitong paraan, nagiging tulong ang fillers upang mapanatili ng tagapagsalita ang dapat sa kanya na turn, habang inaayos pa ang susunod na pahayag. Ipinapakita nito na kahit may pag-aatubili o paghinto sa pagsasalita, hindi pa rin itinuturing na tapos ang kanyang turno sa usapan.

Batay sa conversational Analysis, ang mga pahiwatig na ito ay mga estratehiyang ginagamit ng kalahok upang mapanatili ang kaayusan at patuloy na daloy ng interaksyon. Ipinapakita ng kabuuang pagsusuri na ang paggamit ng mga kakalahok nang backchannel at fillers ay mahalagang bahagi ng turn-taking. Nagsisilbi itong mga linggwistik na estratehiya sa pagpapanatili ng maayos na daloy ng interaksyon nang hindi kinakailangan mag-agawan ng turn sa pagsasalita.

### *5.2 Collaborative Overlap at Competitive Interruption*

Natuklasan na hindi lahat ng overlap ay maituturing na paglabag sa turn-taking, bagkus sa maraming pagkakataon ito ay nagsisilbing paraan ng pagsuporta at pakikiisa sa nagsasalita.

Ipinakita ng halimbawa na ang kolaboratibong katangian ng usapan kung saan aktibong nakikilahok ang isang kalahok sa pagpapatuloy at pagbuo ng ideya ng nagsasalita. Walang intensyong mag-agaw kundi sumusuporata lamang sa ibinibigay na ideya. Ipinapakita rin nito na may mataas na antas ng shared understanding ang mga kalahok. Dahil nahuhulaan ng tagapakinig ang posibleng direksyon ng pahayag, nagiging posible ang overlap nang hindi nasisira ang daloy ng usapan. Sa halip, nagiging mas mabilis at kolaboratibo ang pagbuo ng kahulugan.

Ang ginawa ni C na pag-overlap sa “The”, ay isang halimbawa ng tinatawag nina Sacks, Schegloff, at Jefferson (1974) na “projectable completion,” kung saan ang isang tagapakinig ay maaring mahulaan ang kanilang posibleng direksyon at mga punto ng pagkumpleto. Dahil dito, nagagawa ni C na tapusin ang parirala ni J nang hindi

kinukuha ang turn nito. Ang pagtugon ni J ng “Yes, oo” ay nagpapakita na tinatanggap ang overlap bilang suportang pakikilahok sa usapan. Kapansin-pansin na sina Jodi at Cherry lamang ang nagkakroon ng collaborative overlap, ito ay pagtatapos nila sa pangungusap ng isa’t isa, na hindi ginagawa ni Barbie kay Cherry. Nagpapaahiwatig ito na ang collaborative overlap ay hindi lamang kasanayan sa usapan, bagkus ang pribilehiyo ng may magkatulad na propesyonal na katayuan. Magkaiba man ng henerasyon si Jodi at Cherry ay parehong beterano na sila, samanatalang si Barbie na kahit may katagalan na sa industriya, ay maituturing itong nasa baguhan na antas kumpara kina Cherry at Jodi. Magkaiba man ang edad nina Jodi at Cherry, nagbibigyan daan ang pagiging pareho o pagiging malapit nila ng propesyon sa pagbibigay daan sa ganitong uri ng overlap.

Ipinapakita na ang overlap ay nagsisilbing mekanismo na magkatuwang sa pagbuo ng kahulugan. Ayon sa pag-aaral nina Oliveros at Fajardo (2024), ito ay pagdaragdag ng espesipikasyon bilang isang kolaboratibong gawain. Sa halip na maagaw ang turn, nagsisilbi itong kolaboratibong pagpapatuloy ng ideya upang mas mapalinaw ang kahulugan ng usapan.  Magkatulad na aktibong nakikibahagi upang mas mapalinaw ang pahayag. Ipinapakita rin nito ang shared professional knowledge ng mga kalahok bilang magkakaparehong kabilang sa industriya, na nagpapadali sa pag-unawa kahit hindi ganap na ipinapahayag ang buong ideya.

Sa mga pag-uusap kung saan magkakilala ang mga tagapagsalita at may pantay na kapangyarihan, ang pag-iinterap ay maaaring magpakita ng kanilang pagiging kabilang sa iisang pangkat (Lestary et al., 2017). Dahil dito, nagiging posible ang overlap bilang paraan ng kooperatibong pagbuo ng kahulugan sa halip na kompetisyon sa pagkuha ng turno.

Sa ganitong paraan, ang overlap ay hindi nakikitang sagabal sa daloy ng komunikasyon, kundi isang indikasyon ng magkatuwang na kaalaman at pag-unawa, na nagpapadali sa pag-uusap. Nagsasaad na ang overlap ay hindi interruption, nanganghulugan bilang tulong.

### 5.2.1 Competitive Interruption at Pagkontrol sa direksyon ng usapan

Natukoy sa datos ang pagkakataon na nagkaroon ng competitive interruption na nagsasaad ng paglihis o  pag-agaw ng turn. Kung ang overlap ay nagsasalita nang sabay, ang interruption naman ay may pagkakaiba. Ang interruption ay nauunawaan bilang isang pagsingit na sumisira o gumagambala sa pagsasalita ng ibang tao; hindi hinihingi at hindi aprubadong pagkuha ng turn ng isang nagsasalita (Dozie et al., 2015). Kadalasan itong may layunin na magpahayag ng sariling opinyon, pagkontra sa pahayag ng nagsasalita, o pagpapalit ng direksyon ng usapan. Ayon kina Lestary et al. (2017), hindi lamang nagaganap ang interruption sa mga sitwasyong sinusubukan ng mga tagapagsalita na tapusin ang turn ng kanilang kausap. Maaaring gamitin ang interruption upang magpahayag ng opinyon, pagkontra, o pag-angkin ng kontrol sa usapan.

Sa halimbawa, mapapansin na sumingit si Cherry Pie na nagpalihis sa usapan mula sa teknikal na diskurso patungo sa kanyang personal na karanasan bilang isang beteranong aktor. Nagpapakita ito na ang interruption ni Cherry ay hindi lamang simpleng pagsang-ayon o pakikilahok sa usapan, kundi isang paraan ng pag-angkin ng turn upang maibalik ang direksyon ng diskurso. Mula sa pag-uusap tungkol sa workshop at kasanayang teknikal, sa halip na palawakin ang punto ni Barbie, inilipat ni Cherry ang pokus papunta sa personal na salaysay kaniyang sariling karanasan. Ipinapakita nito na ang interruption ay maaaring magsilbing anyo ng assertiveness at simbolo ng awtoridad sa usapan. Ang competitive overlaps (interruption) ay kadalasang itinuturing na palatandaan ng kapangyarihan, pagkontrol, at pangingibabaw.

Kapansin-pansin din ang paulit-ulit na pag-agaw ng turn sa pagpapanatili ng kontrol sa usapan. Mapapansin na sa tuwing nagpapahayag ng personal na karanasan si J, biglang may pag interrupt si Cherry, nang malipat sa kanyang sarili ang salaysay. Maaaring maituring ito na competitive interruption, dahil napuputol ang daloy ng kausap upang mailipat ang pokus ng usapan sa sariling karanasan ng nagsasalita.

Ipinapakita ng halimbawa na ang interruption ay ginagamit upang pang-agaw ng turn ng pag-uusap, maibaling ang paksa batay sa sariling karanasan, at maipakita na sa pagitan ng mga kalahok ginagamit ang interruption upang mapanatili ang kontrol sa direksyon ng usapan. Dagdag pa ni Makri-Tsilipakou (2015), "ang isang matagumpay na interruption, na nangangahulugang napahinto ang isang kalahok, ay hindi naisasakatuparan ng iisang tao lamang kundi nabubuo sa interaksyon ng parehong tagapagsalita," na nagpapahiwatig na ang isang matagumpay na interruption ay hindi lamang bunga ng pag-agaw ng turno ng isang kalahok, kundi resulta rin ng pagtanggap o pagbibigay-daan ng kausap. Sa konteksto ito, maiuturing na ang interruption ni Cherry Pie ay nagsisilbing paraan ng pag-angkin ng turn at paglilipat ng direksyon ng diskurso. Nagsasaad ito na ang interruption ay isang interaktibong proseso na nakabatay sa koordinasyon ng mga kalahok sa usapan. Mahalagang bigyang-diin na ang ganitong interruption ay hindi sinubukang agawin ni Barbie at Jodi ang turn mula kay Cherry. Bilang bahagi ng kulturang Pilipino, likas na binibigyang karapatan na mamahala ng usapan ang mas nakatatanda. Kaya ang interruption ni Cherry ay hindi maituturing na bastos, bagkus bahagi ng kultural na hiyarkiya na pagbibigay daan ng mas nakababata sa nakakatanda.Nagpapakita ang competitive interruption ng pagkilala sa awtoridad na batay sa edad at karanasan.

Ang pagkilala ng nakakatanda ay may malalim na ugat sa kulturang Pilipino – ang konsepto ng kapwa. Ayon kay Maninang (2025), ang Kapwa ay ang "shared identity" o ang pagkakaisa sng sarili at iba. Magkaiba ito sa "others" ng Ingles na may kahulugan na hiwalay sa sarili. Sa konteksto ng panayam, hindi tinitingnan ng mas nakababatang sina Barbie at Jodi bilang katunggali sa usapan si Cherry. Siya ay Kapwa, nakakatandang may kasamang karunungan na maibabahagi para sa ikabubuti ng lahat.Kaya maituturing ang pakikipagkapwa ang interruptioni ni Cherry, isang paraan ng pagbabahagi ng ikabubuti nilang lahat.

Sa paglalahat nito, mas nangingibabaw sa interaksyon ang collaborative overlap kaysa competitive interruption, na nagpapakita na ang sabayang pagsasalita ay kadalasang hindi agresibo kundi bahagi ng natural na daloy ng usapan. Ang sabayang pagsasalita ay nagsisilbing paraan ng pakikiisa, pagsuporta, at pagpapanatili ng daloy ng usapan, hindi ang kompetisyon sa pagkuha ng turn.

*5.3 Epekto ng Edad sa Turn-Taking*

Wika, isang malaking bahagi ng pagkatao at pagkakakilanlan, kung wala ito wala ring tao, gayundin kung walang tao, walang wika. Hindi mo ito maaaring paghiwalayin. Sa pakikisalamuha ng bawat isa, pakikipagkaibigan, malaking bahagi ng pagiging ikaw, ang wika na gamit. Nagpapahiwatig ito ng malaking din ang epekto kung sino ang makakasalumuha sa araw-araw.

Natukoy sa pagsusuri na may impluwensiya ang edad sa paraan ng pagkuha, pagbibigay, at pagpapanatili ng turn sa usapan. Naipapakita ito ng interaksyon ng mga kalahok, na ang pagkakaiba ng kinabibilangan na henerasyon ay nakakaapekto sa daloy o dinamiko ng komunikasyon. Kung sino ang madalas magbukas ng paksa, magkontrol ng direksyon ng usapan, at ang madalas gumamit ng overlap at interruption. Ayon kay Alijagic (2023), malaki ang epekto ng edad sa pagkakaiba ng wika ng bawat henerasyon.

Sa konteksto ng turn-taking, makikita na ang edad ay nakaaapekto sa paraan ng pagkuha at pagbibigay ng turn sa usapan. Ipinapakita na ang edad ay nakaaapekto rin sa dinamika ng interaksyon, partikular sa paraan ng pakikilahok sa usapan at pamamahala ng turn.

**5.3.1 Dominance ng mas nakatatanda**

Sa halimbawa makikita na mas dominante ang nakakatandang kalahok sa upasan. Kapansin-pansin sa interaksyon ng mga kalahok na mas mahaba ang kanyang turns, mas madalas ang pagbubukas niya ng paksa, at mas bihira siyang ma-interrupt o masingitan ng kausap, sa kabila ng madalas niyang pagsingit sa usapan ng ibang kalahok.

Ang halimbawang excerpt, ay nagpapakita na si Cherry Pie ang nagtatakda kung saan ang magiging direksyon ng usapan, sa pamamgitan ng sunod-sunod na pagtatanong (“Kailan ka nagsimula?”, “Sa isang network, studio?”, “Sino naka-discover sa’yo?”), na nagreresulta sa ibang kalahok na matipid lang ang nasasagot at hindi na nagagawang mapalawak pa ang pagpapaliwanag. Kahit may pagtatangka sina Jodi at Barbie na sumagot, agad sumisingit si Cherry na nagsasaad ng kanyang posisyon bilang tagapagtanong at tagakontrol ng daloy. Nagpapakita ito ng pagiging likas na may awtoridad ang mas nakakatanda. Ipinapakita nito na may implisitong hierarchy sa usapan kung saan mas nabibigyan ng espasyo ang nakatatandang kalahok upang pamahalaan ang direksyon ng diskurso. May hindi direktang sistema ng pagkakasunod-sunod o antas ng kapangyarihan sa usapan. Mas “may boses” o mas

dominant ang nakatatanda kahit hindi ito sinasabi nang direkta. Ang pagtutol nina Jodi at Barbie sa awtoridad ni Cherry ay 'pakikipagkapwa' sa lebel ng paninindigan (Maninang, 2025), kinikilala ang halaga ng nakatatanda bilang kapwa at hindi bilang katunggali. Hindi kompetisyon, kundi kooperasyon, kung saan ang karunungan ng mas nakatatanda ay ginagalang para sa ikabubuti ng lahat.

Sa halimbawang rin ay kapansin-pansin na mahaba ang turn ni Cherry, na walang interruption mula kina Barbie o Jodi, habang ito'y nagkukwento. Mahaba ang turn tumatagal ng isang pangungusap. Ito ay nagpapakita ng pagbibigay daan ng mas nakababatang kalahok sa nakakatanda, para sa mas tuloy-tuloy na pagpapahayag. Nagsilbi itong pahintulot kay Cherry na magpahayag nang hindi napuputo o nagagambala.

### 5.3.2 Pakikilahok ng Mas Nakababatang Kalahok (Barbie Forteza at Jodi Sta. Maria)

Habang ang mas nakababata kay Cherry ay pagsuporta ang ginagampanan, tagatanggap at tagasagot sa binibigay na tanong. Mas maraming "ou", "yes", "opo" at iba pang backchannels bilang pagsuporta sa nagsasalita. Lumilitaw rin ang kolaboratibong overlap na hindi pag-agaw sa turn, kung hindi pagpapakita na sumusuporta lang. Bihira magbukas o simula ng bagong paksa, madalas na sumusunod lang ang mas nakakabata sa daloy.

Ang sunud-sunod na pagpapatibay ni Barbie ("Tama po… Tama… Yes") ay nagsisilbing pagpapatibay sa pagpapakita ng kanyang paggalang at pagsang-ayon sa sinabi ng nakatatanda. Ipinapakita nito, na ang papel ng mas bata sa usapan ay maging tagasuporta ng mga ideyang ibinabato ng mas nakatatanda.

Sa kabila ng sabay na nagsalita sina Jodi at Cherry ng "Yeees!", sinundan naman ito agad ni Barbie ng "Three generations", pahayag na  nagpapatibay, sa hindi pag-agaw ng turn, kundi isang kolaboratibong pagbuo ng kahulugan kung saan sinusuportahan ng mas nakakabata ang direksyon ng usapan ng mas nakakatanda. Nagsasaad rin ito na mayroon ang mga kalahok na ibinabahaging kaalaman at perspektibo. Ayon kay Lestary et al (2017), ang interruption na nangyayari sa pag-uusap ay maaaring magpahiwatig ng posisyon ng tagapagsalita.

Sa buong transkripsyon, madalas ginagamit ni Barbie ang"opo", isang tagalog word na nangangahulugang magalang na "ou", na ginagamit sa pagpapakita ng paggalang sa nakakatanda, nakakataas o pormal na sitwasyon. Hindi lamang basta pagsagot nang magalang, nagpapakita rin ito ng pagpaphalaga sa naambag ng nakataanda sa pamamatigan ng pagbibigay ng affirmation o pagsang-ayon, kagaya ng "tama po", at "yes". Nagpapakita rin ito na ang hierarchy ng edad ay hindi lamang implicit kundi tahasang ginagampanan ng mga kalahok sa pamamagitan ng kanilang mga pahayag.

Ipinapakita na sa kabila ng pagkakaiba ng henerasyon, nananatiling mahalagang bahagi ng interaksyon ang pagpapakita ng paggalang sa kulturang Pilipino.

Pinatutunayan nito na hindi maaaring ihiwalay ang kultura sa paggamit ng wika at sa paraan ng pakikipag-usap ng mga kalahok.

### 5.3.3 Impormal na Intersaksyon

Sa kabila ng palitang ng ideya ng bawat kalahok, hindi palaging pormal o sunud-sunuraran ang takbo ng usapan. Lumilitaw rin sa datos ang mas magaan, mapagbiro, at halos magkapantay lang na lebel ng usapan, sa kabila ng age gap at magkaibang henerasyong kinabibilangan. Magkakaiba man sa edad, nananatiling kolaboratibo ang interaksyon, kung saan ang overlap at interruption ay kadalasang hindi nagdudulot ng tensyon.

Lumalabas rin sa pag-uusap ang magaan at pabirong interaksyon ng mga kalahok, sa kabila ng agwat ng edad. ("Hindi ikaw ang macho dancer?"), at si Barbie ay sumuporta sa biro ("si Ms. Jodi na po yun"). Ang naging reaksyon ni Cherry Pie ("ANG MGA BATA NGAYON, MATATABIL NO?") maaaring mabigyang negatibong interpretasyon ang pahayag ni Cherry, gayunpaman, dahil may overlap ng pagtawa sa mga kalahok, ito'y tinatanggap bilang biro lamang at hindi seryosong panunumbat. Ang sabayang pagtawa nina Jodi at Barbie ay nagpapatunay na ang overlap sa kontekstong ito ay nagpapatibay sa samahan at hindi competitive.

Sa kabila ng ideya na dapat mas nagpapakita nang paggalang ang nakakabata, si Barbie, nagbiro pa ito sa pamamagitan ng pagbanggit ng Karamiya, na dati niyang proyekto. Sa halip na magalit, si Cherry Pie ay nakikipagbiruan din ("Ano yung Karamiya? I-google ko mamaya"). Nagpapakita ito na kahit hindi magka-edad, at galing sa magkaibang henerasyon, hindi ito hadlang sa pagbibigay-daan sa mas magaan at pantay na ugnayan. Sinusuportahan ito ni Alijagic (2023) nang sabihin niyang, karaniwan lamang na maimpluwensiyahan ng mga mas bagong henerasyon ang mga nakatatanda sa lahat ng aspeto ng buhay, kabilang ang wika.

Sa ganitong konteksto, ang overlap at interruption ay hindi na nagpapahiwatig ng pangingibabaw o pagsuporta lamang, kundi nagiging instrumento ng pagpapahalaga sa isa't isa at pagdiriwang ng magaan na ugnayan sa kabila ng agwat ng edad at propesyonal na katayuan. Sa mga pabirong palitan na ito, ipinapakita ng lahat ng kalahok na sila ay kabilang sa isang grupong nagpapahalaga sa magaan na samahan, at ang pag-iinterap ay nagsisilbing paraan ng pagpapatibay ng ugnayang ito. Ang kolaboratibong usapan ay nagdudulot ng mas matibay na pakiramdam ng pagiging kabilang at lumilikha ng positibong sitwasyon upang malinang at mapanatili ang ugnayan ng mga kalahok" (Lestary et al., 2017).

## 6. Kongklusyon at Rekomendasyon

Binigyan-diin ng pag-aaral na ito na nakabatay lamang sa panaym ng tatlong artista na galing sa iisang industriya ang mga natuklasan. Hindi layunin ng pag-aaral na lahatin (generalize) ang lahat ng kababaihan. Sa halip. nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang turn-taking ang kumbersasyon ng kababaihan sa tatlong henerasyon.

Natuklasan na kahit magkaiba ang pinanggalingang henerasyon, epektibo pa rin naipapahayag at nakakarating ang nais ipahayag sa kausap, dahil sa paggamit ng mga estratehiyang tulad ng overlap, interruption, backchannel, at fillers. Hindi ito tinitignan bilang, pagkawalang galang, kundi pagsasaad ng pag-unawa at pag-intindi sa mga kalahok.

Sa panayam, malaking tulong ang pagiging magkakilala at parehong kabilang ng mga kalahok sa iisang sektor ng industriya sa pagiging maayos ng daloy ng usapan, hindi ito nangngahulugan na ganito rin sa lahat ng intergenerational na usapan.. Nagkaroon ng shared understanding na nagpadali sa mabilis na pag-unawa at pagpapatuloy ng interaksyon ng mga kalahok. Ang overlap at interruption ay hindi tinitignan bilang negatibo, kundi bahagi ng kolaboratibong pakikilahok, at pagsasaad ng aktibong pakikinig sa sinasabi ng bawat isa. Ipinapakita na galing man sa magkaibang henerasyon ang mga kalahok, lahat ay kakikitaan ng paggamit ng salita bilang backchannel at filler, at nagpapalitan ng ideya na may overlap, at interruption, bilang mga estratehiya sa pagpapanatili ng daloy ng kumbersasyon.

Mahalagang natuklasan rin sa partikular na panayam na ito, ang kalahok mula sa mas nakakatandang henerasyon ay dominante sa pag-uusap. Nagsisilbing lider na may awtoridad na tumawid sa ibang paksa ng pag-uusap, at sa lahat ng kalahok siya rin ang pinakamaraming pagkakataong nag-overlap, gayundin sa interruption. Sa konteksto ng panayam, hindi tinitignan na negatibo ang overlap at interruption ng mga kalahok bilang negatibo, bagkus pagbibigay respeto o galang, na nakaugat sa sosyal na pagkakaayos ng interaksyon at pagkilala sa awtoridad batay sa edad at karanasan. Binibigyang diin rin na ang natuklasan ay nakabatay lamang sa rountable na panayam ng tatlong artista at hindi para paglahatin ang lahat ng kababaihan.

Batay sa natuklasan sa pag-aaral, inirerekomendang magsagawa ng replikasyon ng pag-aaral na ito na lalaki ang magiging kalahok. Maaaring dagdagan at palawakin pa ang pag-aaral sa iba pang klasipikasyon ng turn-taking, maliban sa overlap at interruption, tulad ng repair mechanisms at topic shift strategies. Inirerekomenda ring palawakin ang saklaw ng mga kalahok upang isama ang iba't ibang propesyon, edad, at kontekstong sosyal upang higit na maunawaan ang pagkakaiba-iba ng turn-taking behavior. Maaari rin magsagawa ng komparatibong pag-aaral sa pagitan ng kasarian at intergenerational groups upang masuri kung paano naaapektuhan ng gender at edad ang dynamics ng usapan. Sa ganitong paraan, mas magiging malawak at komprehensibo pa ang pag-unawa sa turn-taking. Sa larangan naman ng edukasyon, maaaring gamitin ang natuklasan sa pag-aaral sa pagtuturo ng turn-taking. Halimbawa kung magpapakita kung paano ginagamit ni Jodi at Cherry ang collaborative overlap bilang pagsasaad ng aktibong pakikinig, o kung paano ang competitive interruption ay hindi palaging negatibo kung naaintindihan ang kultural na konteksto nito.

## Pasasalamat

Ang mga mananaliksik ng pag-aaral na ito ay lubos na nagpapasalamat sa pagkakataong ibinigay ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika na udyukin sila na makagawa ng isang makabuluhang awtput sa sosyolinggwistiks lalo na sa nakasaad na paksa sa riserts na ito. Kinikilala rin ang ambag ng mga taga-rebyu ng artikulo sa lalong ikinabuti nito.

## Pahayag ng Salungatan ng Interes

Tinitiyak ng mga mananaliksik na ang papel na ito ay walang anumang salungatan ng interes mula sa ibang tao o organisasyon.

## Sanggunian

Alijagic, H. (2023). Language & Age. https://www.researchgate.net/profile/Hamza-Alijagic/publication/373447441_Language_Age/links/64ece67ac4f9ac006074201e/Language-Age.pdf

Conversation. (2026, April 8). https://dictionary.cambridge.org/us/dictionary/english/conversation

Dozie, C. P., Ekwuribe, C. F., & Ajileye, M. O. (2015). Turns, Turn-Taking, and or Interruptions! A Pragmatic Approach to Discourse. https://www.researchgate.net/profile/Michael-Ajileye-2/publication/377159121_Turns_Turn-Taking_and_or_Interruptions_a_Pragmatic_Approach_to_Discourse/links/6597b3293c472d2e8eb4d539/Turns-Turn-Taking-and-or-Interruptions-a-Pragmatic-Approach-to-Discourse.pdf

Ghilzai, S. A., & Baloch, M. (2015). Conversational analysis of turn taking behavior and gender differences in multimodal conversation. *European Academic Research, 3*(9), 10100-10116. https://semanticsarchive.net/Archive/WEzNGU4N/shazia1.pdf

Goar, H. (2021). Conversational Analysis | Communication and Mass Media | Research Starters | EBSCO Research. EBSCO. https://www.ebsco.com/research-starters/communication-and-mass-media/conversational-analysis

How Philippines. (2026, March 4). How Filipinos show respect to elders. How Philippines. https://howphilippines.com/how-filipinos-show-respect-to-elders/

Hutchby, I. (2019). Conversation Analysis. SAGE Research Methods Foundations. https://www.researchgate.net/publication/336458644_Conversation_Analysis

Lestary, A., Krismanti, N., & Hermaniar, Y. (2018). Interruptions and Silences in Conversations: A Turn-Taking Analysis. *PAROLE: Journal of Linguistics and Education, 7*(2), 53-64. https://doi.org/10.14710/parole.v7i2.64

Makri-Tsilipakou, M. (2015). Interruption. In The International Encyclopedia of Language and Social Interaction (eds K. Tracy, T. Sandel and C. Ilie). https://doi.org/10.1002/9781118611463.wbielsi088

Maninang, J. G. (2025). Kapwa: A core concept in Filipino social psychology. Philosophia Journal. https://philarchive.org/rec/MANOKA?__cf_chl_tk=xrUNbYu3WusEhZd8TacT_uwPx9xJTAhgM9ch8tIMrFQ-1782134552-1.0.1.1-bll86K0V663B24t6kU2Og_xKlLo6tiVvN6WMioEBOoU

Oliveros, N., & Fajardo, D. F. (2024). Conversation Analysis of Turn-Taking Features in Drag Race Philippines Season 1: Untucked! https://www.researchgate.net/profile/Nemuel-Oliveros/publication/390235934_Conversation_Analysis_of_Turn-Taking_Features_in_Drag_Race_Philippines_Season_1_Untucked/links/67e5529043ec6369e2024fb3/Conversation-Analysis-of-Turn-Taking-Features-in-Drag-Race-Philippines-Season-1-Untucked.pdf

Sacks, H., Schegloff, E. A., & Jefferson, G. (1974). A simplest systematics for the organization of turn-taking for conversation. https://pure.mpg.de/rest/items/item_2376846_3/component/file_2376845/content

Saeed Kiani, R., Shahnaz, A., & Akbar Ghilzai, S. (2024). Organization of Female Turn Taking Pattern in Urdu Conversations. *Journal of Asian Development Studies, 13*(4), 182–193. https://doi.org/10.62345/jads.2024.13.4.14

Schegloff, E. (2001). Accounts of Conduct in Interaction: Interruption, Overlap, and Turn-Taking. https://doi.org/10.1007/0-387-36274-6_15

Wang, Y., Lao, L., Huang, L., Skantze, G., Xu, Y., & Buschmeier, H. (2025). Investigating the Representation of Backchannels and Fillers in Fine-tuned Language Models. arXiv e-prints, arXiv-2509.https://doi.org/10.48550/ARXIV.2509.20237

*Ambag ng May-akda:* Bala, CJ A.; Pangunahing awtor na nanguna sa konseptuwalisasyon ng pananaliksik hanggang sa pagkakabuo nito. Esoy, M.; Mamongcal, R.; Villastique, C.M.; Tumulong sa pagsusuri ng datos at pagdaragdag ng mahahalagang detalye upang mapagtibay ang argumento ng pananaliksik. Pandapatan, A.; Naging katuwang at tagagabay ng pangunahing awtor sa maayos na konseptuwalisasyon ng pananaliksik, nagbigay ng sapat na puna para sa ikauunlad nito, at tiniyak na nakasusunod ito sa etikal na pamamaraan ng pagsulat ng pananaliksik.